



Sofibats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

ANG MAY KALIDAD NA TAO

*Assalamu Alaykum wa Rahmatullah wa Barakatuh,
Anzu Billahi Minashaytanir Rajeem. Bismillahir Rahmanir Raheem,
Wassalatu Wassalamu ala Rasulina Muhammadin Sayyidul Anwalin wal Akhirin,
Madad Ya Rasulallah, Madad Ya As'habi RasuLillah, Madad Ya Mashayikhina,
Sheykh Abdullah Daghestani, Sheykh Nazim al-Haqqani. Dastur.
Tariqatunas sobba, wal khayru fil jamiyya.*

Nilikha ng Allah Azza wa Jalla ang mga tao sa pinakamagandang paraan. Ginawa ng Allah azza wa jalla ang tao bilang pinakamataas sa lahat ng nilikha. Binigyan tayo ng Allah ng regalo at inilagay tayo sa mataas na katayuan. Kailangan mo rin ibigay ang regalong iyon sa sarili mo upang maging may kalidad na tao ka. Ang isang taong may kalidad ay mabuting tao.

Ang mga taong sumusunod sa Nafs nila ay mababang kalidad na tao at di mabuting tao. Nakita ng lahat kung paano itinaas ng banal na Propeta Muhammad alayhis salatu was salam ang katayuan ng mga Sahaba. Nakita at alam ito ng lahat. Kailangan natin silang gawing halimbawa dahil ang may kalidad na tao ay tumutulong sa iba at laging may nagagawang makakabuti sa lahat. Sila'y makakatulong sa sarili at sa mga tao sa paligid nila. Ang mga mabuting tao ay lumalayo sa mga masama. Lahat ng kabutihan ay nasa kanila. Sila ay mga taong di sumusunod sa Nafs nila katulad ng sinabi natin.

Ang mga taong sumusunod sa nafs nila ay masasamang tao at di mabubuti. Sila ang mga kinaiinisan at puno ng kanilang sarili. Sila ang mga taong puno ng masasamang pag-uugali at katangian. Ang ilang mga tao ay halata ang pagkamaginoo o magalang pero may iba ring halata ang pagiging masama at di nila maitatago ito.

Katulad ng sabi ni Mawlana Shaykh(qs) na "Basura." Ang ibig sabihin ng Zibil ay dumi o walang kabuluhan. Hindi na kailangang sabihin ang pinagkaiba ng isang kayamanan sa isang basura. Sinabihan tayo ng banal na Propeta Muhammad alayhis salatu was salam na maging isang kayamanan, magiging isang kayamanan ang isang tao sa mga turo ng Propeta Muhammad alayhis salatu was slam. Magiging basura siya sa mga turo ng Shaytan.

Nawa'y di tayo gawin ng Allah mula sa sumusunod sa Nafs nila upang magkaroon tayo ng Kalidad Inshallah. Ang taong may kalidad ay kilala sa mundo at sa akhira sa mata



Sohbats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

ng Allah. Ito ang mahalaga. Nawa'y maging parehas ang kalooban at ang ginagawa natin
In Sha Allah.

Wa Minallah at-Tawfeeq. Al-Fatiha.

1. Ikram 2. Izza 3. Nafs 4. Sahabi 5. Zibil

Hazrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil
8 October 2016/7 Muharram 1438
Sabah Namaz, Akbaba Dargah